

Ayuda para sa mga Nasalanta ng Bagyong Talas (Ika-15 na Bagyo)

<Pag-isyu ng Katibayan na Nasalanta ng Bagyo>

Ito ay isang katibayan na ikaw ay napinsala ng bagyo na sumira sa iyong tahanan. Susuriin ang lagay ng pinsala at bibigyan ka ng katibayan sa proporsyon ng pinsala (Hal. nasira ang buong bahay, bahagyang nasira atbp).

- Tanggapan para sa Konsultasyon
Munisipyo/city hall ng tinitirhang lugar

<Pagpapaliban, pagbawas o iksemsyon sa mga buwis ng lalawigan>

Maaaring mabawasan o hindi kinakailangang magbayad ng buwis sa sasakyan, amilyar o buwis sa pagpapatakbo ng sariling negosyo kung nasira ang tahanan at sasakyan o hindi makapagbukas ng tindahan o bahay kalakal.

- Tanggapan para sa Konsultasyon
Tanggapan ng Pananalapi sa Loob ng Lalawigan
Tanggapan ng Pananalapi sa Shimoda 0558-24-2012 (Lungsod ng Shimoda, Higashi Izu-cho, Kawazu-cho, Minami Izu-cho, Matsuzaki-cho, Nishi Izu-cho)
Tanggapan ng Pananalapi sa Atami 0557-82-9056 (Lungsod ng Atami at Ito)
Tanggapan ng Pananalapi sa Numazu 055-920-2013 (Lungsod ng Numazu, Mishima, Gotemba, Susono, Izu, at Izunokuni, Kannami-cho, Shimizu-cho, Oyama-cho)
Tanggapan ng Pananalapi sa Fuji 0545-65-2112 (Lungsod ng Fujinomiya at Fuji)
Tanggapan ng Pananalapi sa Shizuoka 054-286-9112 (Lungsod ng Shizuoka)
Tanggapan ng Pananalapi sa Fujieda 054-644-9166 (Lungsod ng Shimada, Yaizu, Fujieda at Makinohara, Yoshida-cho, Kawane-honcho)
Tanggapan ng Pananalapi sa Iwata 0538-37-2206 (Lungsod ng Iwata, Kakegawa, Fukuroi, Omaezaki at Kikugawa, Morimachi)
Tanggapan ng Pananalapi sa Hamamatsu 053-458-7123 (Lungsod ng Hamamatsu at Kosai)

<Pautang para sa mga nasa Industriya ng Pagsasaka, Panggugubat at Pangingisda>

Ang mga nasalanta ng bagyo na nagsasaka, nanggugubat o nangingisda ay maaaring umutang ng pera sa mababang interes kapag kailangan ito sa pagpapatuloy ng trabaho at pangtustos sa pang-araw araw na pamumuhay.

- Tanggapan para sa Konsultasyon
Tanggapan ng Kooperatiba sa Agrikultura (JA) sa loob ng lalawigan

Kooperatiba sa Pangingisda, Tanggapan sa Shizuoka

<Pautang para sa mga Maliliit na Negosyante>

Ang mga nasalanta ng bagyo na may sariling maliit na negosyo ay maaaring umutang ng pera sa mababang interes kapag kailangan ito para sa pagpapatakbo ng negosyo.

- Tanggapan para sa Konsultasyon
Bangko na nagpapautang ng pera, Chamber of Commerce at samahan ng mga negosyante

May mga tanggapan na sa wikang Nihongo lamang maaaring tumugon.
Kung nais kumonsulta sa wikang banyaga, mangyaring tumawag sa
Sentro para sa Pangkalahatang Konsultasyon-Camellia (054-204-2000)